



Paglalarawan sa Serbisyo
 Isang point-to-hub (mula sa isang lugar hanggang sa sentro), on-demand (batay sa pangangailangan), at naaayong serbisyo ng nagkokonekta sa mga taong naninirahan, nagtatrabaho, o pumapasok sa paaralan sa loob ng isang partikular na lugar ng serbisyo papunta at paalis sa mga hub na sinerbisuhan ng madalas na transit at iba pang mahahalagang lokal na hub sa komunidad.

Paano ito Gumagana
 Mag-book ng masasakyan na on-demand gamit ang isang app o sa pamamagitan ng call center. Ang halaga ng pamasaha ay kapareho lang ng pamasaha sa bus ng Metro.
 Ang oras ng pagsundo ay sa loob ng 10-15 minuto pagkatapos mong hilingin ang iyong biyahe. Maaaring kailangang maglakad nang kaunti papunta sa lokasyon kung saan ka susunduin.
 Ang simula o dulo ng iyong biyahe ay sa isa sa mga nakatalagang hub dapat. Ang kabila naman ay sa loob dapat ng lugar ng serbisyo.
 Mayroong mga sasakyang may access para sa wheelchair.

Yugto 3: Bagong Naaayong Lugar ng Serbisyo

- Bagong Naaayong Lugar ng Serbisyo
- Hub ng Naaayong Lugar ng Serbisyo
- Iminumungkang pag-aayos sa network ng ruta
- Linya at istasyon ng East Link
- Sentro ng Transit
- Permanenteng Park&Ride (Pumarada at Sumakay)
- Kalahating milyang buffer ng paglalakad sa paligid ng istasyon ng East Link
- Prioridad na Lugar para sa Pagkakapantay-pantay

Mga Piling Asset ng Komunidad

- Kolehiyo
- Mataas na Paaralan
- Silid-aklatan
- Sentro ng Komunidad/Sentro para sa Nakatatanda
- Pang-emergency na Silungan/Mapagkukunan ng Ayudang Pagkain
- Ospital
- Sinusuportahang pabahay (50+ unit)



Proyektong East Link Connections

Bagong On-Demand na Pilot (Paunang Serbisyo) – Yugto 3

Mga Sineserbisyuhang Kapitbahayan:

- Overlake, Crossroads, Bretton Wood, Rose Hill, Downtown Redmond

Paglalarawan sa Serbisyo

Isang on-demand (batay sa pangangailangan) at naayong serbisyong nagkokonekta sa mga tao sa loob ng isang partikular na lugar ng serbisyo papunta at paalis sa madalas na transit at iba pang mahahalagang lokal na destinasyon sa komunidad.

Gagana ito sa ganitong paraan:

- Mag-book ng masasakyan na on-demand gamit ang isang app o sa pamamagitan ng call center.
- Ang halaga ng pamasahe ay kapareho lang ng pamasahe sa bus ng Metro at maaaring ilipat ang iyong pamasahe sa iba pang serbisyo ng transit.
- Ang oras ng pagsundo ay sa loob ng 15-20 minuto pagkatapos mong hilingin ang iyong biyahe. Maaaring kailangang maglakad nang kaunti papunta sa lokasyon kung saan ka susunduin.
- Ang simula o dulo ng iyong biyahe ay sa isa sa mga nakatalagang hub dapat. Ang kabila naman ay sa loob dapat ng lugar ng serbisyo.
- Mayroong mga sasakyang may access para sa wheelchair.
- Maaaring sumabay sa iba pang kostumer ng Metro sa isang sasakyan.

Kasalukuyang iniaalok ang ganitong uri ng serbisyo sa iba pang komunidad ng King County. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paano kasalukuyang pinapatakbo ang on-demand at naayong serbisyo sa King County, bisitahin ang [webpage na ito](#).

Ang kasalukuyang iminumungkahi ay isang lugar ng serbisyo na sasaklaw sa mga bahagi ng mga kapitbahayan ng Overlake, Crossroads, Bretton Wood,

at Rose Hill na napaliligiran ng 140th Ave NE sa kanluran, West Lake Sammamish Parkway sa silangan, NE 87th St sa hilaga, NE 8 St sa timog.

Seserbisyuhan ng naaayong serbisyong ito ang mga sumusunod na hub ng transit:

- Overlake Village Station Link light rail
- Redmond Technology Station Link light rail
- Downtown Redmond Station Link light rail
- Crossroads Shopping Center

Iminumungkahing oras ng serbisyo

Tatakbo ang serbisyong ito sa loob ng 7 araw/linggo mula 6:00 AM hanggang 8:00 PM.

Paano nito natutugunan ang feedback na natanggap ng Metro sa Yugto 1 at 2?

- Mas maraming oportunidad sa paglipat para makabiyahe ang mga pasahero sa iba't ibang lokal at panrehiyong destinasyon
- Pinapahusay at dinadagdagan ang mga lokal na koneksyon.
- Mas maraming serbisyo tuwing gabi at tuwing Sabado at Linggo.